Sistema ng Mga Kautusan sa Pabibigay ng Serbisyo sa Lipunan
(Community Service Orders Scheme o CSO)

- Paglalarawan ng Serbisyo

Ang Sistema ng Mga Kautusan sa Pabibigay ng Serbisyo sa Lipunan (Community Service Orders o CSO) ay isang alternatibong pagpapataw ng sentensya base sa komunidad alinsunod sa Ordinansa ng mga Kautusan sa Pagbibigay ng Serbisyo sa Lipunan (Community Service Orders Ordinance), Kab 378. Ang korte ay maaaring maglalabas ng isang kautusan sa isang tao na may 14 na taong gulang o higit pa at nahatulan ng pagkakabilanggo na magtrabaho ng walang suweldo sa loob at hindi hihigit sa 240 na oras sa loob ng 12 buwan. Ang kabataan na nagkasala ay mapapasailalim sa pangangasiwa ng isang opisyal ng probasyon (probation officer o PO (CSO)) na magbibigay ng nararapat na payo at gabay sa nagkasala.

- Mga Layunin

Nilalayon ng CSO na matulungan ang kabataang nagkasala na makabalik sa mabuting kalagayan at makapagbayad sa nagawa nitong kasalanan. Sa ilalim ng kautusan, ang mga nagkasala ay kinakailangan na gamitin ang kanilang oras ng pahinga sa pagbibigay ng serbisyo sa lipunan bilang pambayad sa mga pinsalang nagawa nila sa komunidad. Ito'y sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyo sa komunidad at gabay ng mga opisyal ng probasyon, ang mga nagkasala ay natutulungan na magbago at maging tuwid. Ang mga sumusunod ay ang mga pangunahing layunin ng CSO:

(a) Rehabilitasyon

Sa pamamagitan ng isang maayos at organisadong paglalagay sa isang nagkasala sa naaangkop na trabaho/serbisyo at sa paggagabay ng mga opisyal ng probasyon [(PO (CSO)], ang mga nagkasala ay natututo na sumunod sa mga patakaran, umako ng responsibilidad para sa kanilang sariling pag-unlad, magkaroon ng mas malawak na pananaw sa mga bagay, matutong pahalagahan ang sarili, magkaroon ng isang mas mabuting paraan ng pamumuhay at maka-iwas sa paggawa ng panibagong krimen.

(b) Nakabubuting Paglutas

Ang mga nagkasala ay pinapayagan na patuloy na manirahan sa komunidad na kung saan hindi magambala sa kanilang pag-aaral/trabaho at relihiyosong gawain.

(c) Pagbabayad pinsala

Binibigyan ng pagkakataon ang mga nagkasala na tumulong sa pamamagitan ng pagtratrabaho na walang tinatanggap na suweldo para sa ikabubuti ng komunidad at

bilang kabayaran sa kanyang nagawa.

- Katangian ng Serbisyo

(a) Sa pagsisilbi sa korte, ang mga PO (CSO) ay maghahanda ng mga paunang ulat, kasama dito, ay ang Ulat ng mga Opisyal ng Probasyon (Probation Officer's Reports) at Ulat ukol sa Kaangkupan ng mga Kautusan sa Pabibigay ng Serbisyo sa Lipunan (Suitability Reports for Community Service Orders) hinggil sa rehabilitasyon ng mga nagkasala.

(b) Ang mga PO (CSO) ay magbibigay ng superbisyon ayon sa batas at personal na paggabay sa mga nagkasala.

(c) Ang mga PO (CSO) ay aayusin ang pagtatalaga ng mga nagkasala sa mga trabahong walang suweldo habang ang mga superbisor sa lugar ay pangangasiwaan sila sa pamamagitan ng pagbibigay ng teknikal na pagtuturo, pangangasiwa at praktikal na patnubay sa iba't-ibang uri ng mga trabaho sa lugar mismo ng trabaho.

- Tinutukoy na Grupo

Ang tinutukoy na grupo ay ang mga nagkasala na -

(a) inirekomenda ng korte para sa panglipunan na pagsisiyasat;

(b) inutusan ng korte na mailagay sa pangangalaga ng CSO

- Ang address at numero ng telepono ng Opisina ng Mga Kautusan sa Pabibigay ng Serbisyo sa Lipunan (Community Service Orders o CSO)

Room 813, 8/F., Sha Tin Government Offices,
1 Sheung Wo Che Road, Shatin, New Territories.
Tel. No : 2158 6547
Fax No: 2609 4178

- Oras ng Opisina (Office Hours)

(Lunes hanggang Biyernes): 8:45 a.m. to 6:00 p.m.
Sarado tuwing Sabado, Linggo, at Pista Opisyal